CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

Pahayag ng Press

Pebrero 4, 2021
Detalye ng Kontak: Lungsod ng Long Beach Pinagsamang Sentro ng Impormasyon, 562-570.News, jic@Longbeach.gov

Para sa Madaliang Pagpapahayag

Ang Lungsod Ng Long Beach ay Nagpapaalala sa mga Residente na Magdiwang nang ligtas ngayong Linggo ng Super Bowl

Lungsod ng Long Beach, CA – Habang papalapit ang Super Bowl Weekend, ang Lungsod ng Long Beach ay nagpapaalala na magdiwang ng ligtas na sumusunod sa **Panukalang Ligtas na Order Ng Kalusugan** at iba pang mga kritikal na protokol upang makatulong na mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 at tiyakin ang kaligtasan ng bawat isa.

Habang ang pananatili sa bahay ay mananatiling kritikal upang makatulong sa mabagal na pagkalat ng COVID-19 at makapagligtas ng mga buhay, ang lungsod ay hinihimok ang mga tao na makahanap ng mga alternatibong paraan upang makisali sa iba at ligtas na makapagdiwang ng Linggo ng Super Bowl katulad ng virtual na koneksyon; pag naghost ng isang party sa video; at pagbabahagi ng mga larawan at video ng kasiyahan sa malaking pang-grupong chat.

Indibidwal at Ligtas na Maingat na Pagtitipon
Ang mga residente ng Long Beach na nais na manood ng Malaking laro ay hinihikayat na gawin ito sa kanilang mga tahanan kasama ng miyembro ng parehong sambahayan, sa kadahilanang na ang pagtitipon ng mga tao galing sa ibang sambahayan ay maaring magdulot ng isang makabuluhang panganib ng paghahatid ng virus. Ang pakikisalamuhang pagtitipon ay dapat maganap sa labas at limitado sa hindi hihigit sa 15 katao mula sa hindi hihigit sa tatlong kabahayan. Ang mga indibidwal na dumadalo sa pinapayagang pagititipon ay dapat pa ding panatilihin ang tamang pag-iingat, kabilang ang hindi bababa sa 6 na distansya mula sa bawat isa na hindi kabilang sa kanilang sambahayan; nakasuot ng pantakip ng mukha; madalas na paghuhugas ng kamay; at paglilinis ng mga bagay na madalas na hawakan.

Mga Kinakailangang Sundin para sa Ligtas na Restawran
Rastawran, brewpubs, breweries, bars, pubs, distil ng bapor, gawaan ng alak na nagpapalabas sa telebisyon ng laro sa Linggo ng Super Bowl , ay inaasahang susuond

sa mga kinakailangan na tinutukoy sa protokol ng **Panukalang Ligtas na Order ng Kalusugan:**

- Ang mga negosyo ay maaring magbukas lamang sa labas
- Ang mga order ng alkohol ay maaring kasama lamang sa parehong transaksyon habang kumakain sa restawran
- Ang mga mesa sa labas ay kinakailangang pinaghiwalay ng minimum ng 8 talampakan bawat la mesa
- Sa panlabas na upuan, ay limitado lamang sa hanggang 6 na katao na kabilang sa parehong party ang pwedeng magkakasama sa isang la mesa
- Ang mga kostomer ay kailangang manatili sa kanilang la mesa sa lahat ng oras maliban na lamang kung gagamit ng palikuran, magbabayad ng kanilang bayaran o mag-order ng kanilang pagkain o inumin
- Ang mga kostomer ay hindi papayagan na kumain o uminom, kasama ang alkohol kung hindi sila nakaupo sa kanilang la mesa
- Ang mga takip sa mukha ay maaari lamang na tanggalin kung sila ay nakaupo sa kanilang sariling la mesa na itinalaga sa kanilang kainan or inuman
- Mga karagdagang trabahador ay kinakailangan ang presensya upang magbantay at pamahalaan ang mga kostomer kasama ngunit hindi limitado:
  - Mapanatili ang pisikal na distansya ng bawat kostomer
  - Mapanatili ang mga kostomer na nakaupo habang kumakain at umiinom
  - Mapanatili ang mga tao na hindi magipon-ipon sa harapan ng telebisyon o screen ng projector
  - Mapanatili ang mga bangketa at pampublikong karapatan na daan na walang balakid at ligtas sa mga ADA na tao

Ang lungsod ay nakahanda na magpatupad ng aksyon sa mga negosyo na mabibigong sumunod sa patakaran ng **Panukalang Ligtas na Order ng Kalusugan** na maaring magsama ngunit hindi limitado sa: sa sibil o kriminal na pagsipi, pagpapawalang bisa ng panssmantalang permiso sa parklet, pagbawi ng Permit sa Aktibidad sa Labas (Outdoor Activity Permit – OAP) upang makapagpatuloy ng negosyo sa labas sa panahon ng pandemya, pagbawi o pagsuspindi ng lisensya sa negosyo, pagbawi o pagsuspindi ng permisong pangkalusugan, o pagbawi o pagsuspindi ng lisensya para sa pag konrol sa inuming alkohol (Alcohol Beverage Control License – ABC License).

Ang lungsod ay nagpapaalala sa mga residente sa mga iba pang tip na makakatulong sa pangkalahatang pag-iingat sa linggo ng Super Bowl.

Kaligtasan sa Pagmamaneho at Pedestrian

Ang Kagawaran ng Polisya ng Long Beach ay magkakaroon ng adisyonal na opisyal na patrol sa Pebrero 7, upang hadlangan ang mga drayber mula sa pagmamaneho sa

ilalim ng impluwensya ng alkohol o droga. Di lamang alkohol ang tanging makapipinsala at humantong sa DUI o pagmamaneho sa ilalim ng impluwensya. Mga iniresetang gamot, mga gamot na over the counter, at marihwana ay maari ring makaapekto sa abilidad ng tamang pag mamaneho. Ang mga pedestriyan ay kinakailangan na laging handa at maingat sa kanilang mga kapaligiran, lalo na sa gabi sa pagtawid sa mga kalsada kahit na may markang crosswalk.
Bagaman maraming mga manonood na virtual ngayong taong ito, kinakailangan pa ding magplano, at magtalaga ng drayber na hindi uminom ng alcohol o kaya naman ay manatili na lamang sa kanilang tahanan.
Ang pagpondo sa pagpapatupad ng kaligtasan sa linggo ng Super Bowl ay ginawad ng pamahalaan ng Kaligtasang Pantrapiko ng California (California Office of Traffic Safety), sa pamamagitan ng pambansang highway na pangangasiwa sa kaligtasan ng trapiko (National Highway Traffic Safety Administration).

Paputok at Iba Pang Iligal na Aktibidad

Lahat na pansariling paputok, kasama na ang mga may marka na ligtas at matino, ay ipinagbabawal ng lungsod ng Long Beach. Ang mga Paputok ay nagdudulot ng sampu-sampung milyon taon taon sa mga pinsala sa mga ari arian at pinsalang pisikal sa katawan karamihan ay sa mga bata. Dahil sa patuloy na kakulangan sa mga kapasidad ng ospital dahil sa pandemya ng COVID-19, ito ay lalong mahalaga na maiwasan and mapanganib na paguugali na kabilang ang pag-iilaw ng mga paptutok.
Ang mga paputok na iniilawan sa mga residensyal na kapaligiran, lalong lao na ang mga hindi inaasahan, ay maaaring magsimula ng flashback para sa mga beterano at nakaligtas sa karahasan ng baril na nakakaranas ng post traumatic disorders. Kahit na ang malalakas na ingay ay nagsasanhi ng takot sa mga hayop at mga bahay ampunan ng mga hayop taon taon.

Ang mga sumununod ay ilang paraan para mag-ulat ng iligal na pagpapaputok sa lungsod ng Long Beach:

- Magsumite ng reklamo sa paputok, mag-upload ng mga larawan at video o iligal na aktibidad ng paputok sa tanggapan ng taga-usig ng lungsod (Prosecutor's Office)
- Tawagan ang numero ng hotline na hindi pang-emerhensiya sa sentro ng komunikasyon (Communications Center) sa (562)435-6711 upang isumbong ang paggamit o pagbenta ng paputok
- Mag padala ng email sa dibisyon ng patrol (Patrol Division) kung saan nagaganap ang mga aktibidades at ilakip ang adres, vidoes, plaka, litrato at iba pang mga impormasyon na makakatulong sa imbestigasyon. Kung maaring ilakip ang iyong pangalan, adres, telepono upang ikaw ay makausap kung kinakailangan:
    - LBPDNorth@longbeach.gov

  - LBPDSouth@longbeach.gov
  - LBPDEast@longbeach.gov
  - LBPDWest@longbeach.gov

- Para sa mga emerhensiya tumawag sa 9-1-1.

“Pagdiriwang” ng putok (celebratory gunfire) ay itinuturing na iligal na baril sa paglabas at sinasabing mapanganib. Ang pagpapalabas ng putok na pagdiriwang ay maaring makapagdulot ng kapinsanan at kamatayan sa sinumang tatamaan, at sinumang magkakasala ay mahahatulan ng oras sa kulungan.

Para sa karagdagang impormasyon at tips sa kaligtasan ngayong holiday, bisitahin ang gabay at patnubay sa sakit na Corona Virus para sa pagdiriwang ng mga piyesta opisyal **(Coronavirus Disease 2019 COVID-19 Guidance for Celebrating the Holidays).**

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye na ginagawa ng lungsond ng Long Beach upang mapanatili ang kaligtasan ng mga residente, bisitahin ang **longbeach.gov/COVID19** at sundan ang **@LongBeachCity** sa Facebook, Twitter, at Instagram.

Maaring idirekta ang mga katanungan sa media sa lungsod ng **Long Beach Joint Information Center, 562.570.NEWS (6397), jic@longbeach.gov.**

###